# IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG/GUARDIAN AT MGA KABATAAN

Magandang araw mga Magulang at Guardian,

Lalahok ang paaralan natin sa Healthy Youth Survey (Survey para sa Malusog na Kabataan, HYS) ngayong Taglagas. Sa Estado ng Washington, sumasagot na ang mga kabataan sa HYS mula pa noong 2002. Mula sa iilang libo lamang noon, umabot na ngayon sa mahigit 215,000 kabataan bawat taon ang nakikilahok! Nagtatanong ang survey tungkol sa kalagayan ng mga kabataan, pakikipag-ugnayan sa kapwa, kalusugan ng isip, paggamit ng substansya, panganib ng pinsala, at iba pa. Ginagamit ng mga komunidad, distrito, paaralan, at mga ahensya ng pampublikong kalusugan ang mga resulta ng survey bilang batayan sa paggawa ng mga patakaran at programa na susuporta sa kapakanan ng kabataan. Ang HYS ay isang makabuluhang paraan para gabayan ang mga kabataan sa hinaharap ng ating estado. **Pinahahalagahan namin ang paglahok ng inyong anak.** ***Mangyaring ibahagi ang impormasyong ito sa inyong anak.*** *Pagkatapos, pag-usapan ninyo ang tungkol sa survey at magpasya kung sasali ba ang inyong anak.*

## Kailangan pa ng Karagdagang Impormasyon?

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa layunin ng survey o mga pamamaraan ng pagsasagawa nito, mangyaring makipag-ugnayan sa Pangunahing Tagasiyasat ng Healthy Youth Survey (Survey para sa Malusog na Kabataan) sa (877) HYS-7111 o sa pamamagitan ng email sa **healthy.youth@doh.wa.gov**. Makakakita kayo ng higit pang impormasyon tungkol sa Healthy Youth Survey (Survey para sa Malusog na Kabataan) sa: **www.AskHYS.net**

Inaprubahan ng Institutional Review Board (Lupon sa Pagsusuri ng mga Institusyon) ng Estado ng Washington ang mga pamamaraan para sa Healthy Youth Survey (Survey para sa Malusog na Kabataan) na nakasaad sa liham na ito. Maaari ninyo ring basahin ang higit pang detalye rito: **www.askhys.net/HYS2025 IRB Requirements**

Kung naniniwala kayo na hindi nasunod ang mga pamamaraang ito, mangyaring tumawag sa 1-800-583-8488. Hindi ninyo kailangang ibigay ang inyong pangalan. Sasagutin ang lahat ng mensahe.

## Mga Madalas Itanong

### Q: Sino ang hihilingan na sumagot sa survey?

**A:** Mga estudyante sa Baitang 6, 8, 10, at 12 sa buong Estado ng Washington at mga estudyante sa Baitang 7, 9, at 11 sa maliliit na distrito ng paaralan.

### Q: Boluntaryo ba ang survey?

**A:** Oo! Puwedeng laktawan ng kabataan ang anumang tanong at huminto sa pagsagot ng survey anumang oras. Kung ayaw ninyong lumahok ang inyong anak sa survey, puwede kayong tumawag sa paaralan para i-excuse sila. Puwede ring sabihin mismo ng kabataan sa kanilang guro na ayaw nilang sumagot sa survey.

Ang sinumang hindi sasagot sa survey ay gagawa ng ibang gawain, gaya ng pag-aaral o pagbabasa sa silid-aklatan. Walang penalty sa hindi pagsali sa survey. Hindi maaapektuhan ang grado ng inyong anak.

### Q: Anong mga tanong ang nasa survey?

**A:** Ang mga tanong sa survey ay mula sa mga survey na isinasagawa sa buong bansa at sa Washington. Puwedeng makita ng mga magulang o guardian ang mga tanong dito: **https://www.askhys.net/Resources/Survey Questionnaires**.

Ilan sa mga paksa ay kinabibilangan ng:

- Demograpiko, gaya ng edad, kasarian, lahi at etnisidad
- Damdamin tungkol sa paaralan at komunidad
- Relasyon sa mga magulang, kaibigan, at kapitbahay
- Pisikal na aktibidad at access sa pagkain
- Edukasyong pangkalusugan
- Paggamit ng substansya
- Mga pag-uugali at damdaming may kinalaman sa kaligtasan at karahasan
- Pagkakakilanlan sa kasarian [1]
- Sekswal na oryentasyon (hindi para sa Baitang 6 at 7)
- Seksuwal na pag-uugali at karahasan (hindi para sa Baitang 6 at 7)

## Q: Sino ang may access sa mga resulta ng survey?

**A:** Ang mga indibidwal na sagot ay pinagsasama-sama at inilalagay sa mga ulat para sa mga paaralan at distrito, at ibinabahagi sa mga superintendente at punong-guro. Ang mga ulat para sa county, mga panrehiyong Educational Service Districts (Panrehiyong Distrito ng Serbisyong Pang-edukasyon, ESD), at estado ay ibinabahagi sa publiko sa [AskHYS.net](AskHYS.net).

Ang mga dataset na naglalaman ng indibidwal na mga sagot ay ibinibigay kapag hiniling sa mga aprubadong gumagamit ng datos, gaya ng mga lokal na departamento ng kalusugan at mga mananaliksik, sa pamamagitan ng proseso ng kasunduan sa pagbabahagi ng datos na pinamamahalaan ng Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan).

## Q: Paano pinoprotektahan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok?

**A:** Ang pagkakumpidensyal ng mga indibidwal na sagot sa HYS ay hindi ganap na matitiyak. Sa hindi inaasahang pagkakataon na may taong walang pahintulot na makakita ng indibidwal na resulta, posibleng makilala ang ilang kalahok gamit ang impormasyon tulad ng paaralan, baitang, lahi/etnisidad, at kaalaman sa labas.

Gayunpaman, palaging boluntaryo ang HYS at may mga hakbang na ginagawa upang maprotektahan ang privacy at pagkakumpidensyal ng kalahok, kabilang ang:

- Hindi nilalagay ng mga kalahok ang kanilang pangalan sa survey, at walang mga code na kinokolekta upang iugnay ang isang survey sa kalahok.
- Isinasagawa ng mga kalahok ang survey sa isang elektronikong platform para sa survey at iniimbak ang mga sagot sa isang secure server na may limitadong access.

## Q: Paano ginagamit ang mga resulta ng survey?

**A:** Ginagamit ng mga paaralan, distrito ng paaralan, komunidad, at mga ahensya ng pampublikong kalusugan ang mga resulta upang mas maunawaan ang mga kabataan sa Washington at maibigay sa kanila ang mga serbisyong kailangan nila. Ginagamit ang mga resulta para sa pagsusulat ng grant, pagpaplano at pagsusuri ng programa at patakaran, at iba pa.

Ang Healthy Youth Survey (Survey para sa Malusog na Kabataan) ay sinuportahan ng mga sumusunod na ahensya ng estado: Health Care Authority (Pangasiwaan ng Pangangalagang Pangkalusugan) – Division of Behavioral Health and Recovery (Dibisyon ng Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling, Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan), Office of the Superintendent of Public Instruction (Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo), at Liquor and Cannabis Board (Lupong Kaugnay ng Paggamit ng Alak at Cannabis).

*[1] Tanging mga estudyante sa Baitang 8 pataaslamang ang makakatanggap ng tanong na ito. Puwedeng idagdag ng mga paaralan ang tanong tungkol sa kasarian para sa mas batang estudyante sa Baitang 6 at 7kung nais nila.*

*[2] Maaaring humiling ang mga paaralan ng eksepsyon mula sa pagtatanong tungkol sa sekswal na pag-uugali at karahasan.*